**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 13, 335-343

# Transaksyunal na pagbasa: Kwalitatibong pagsusuri sa literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 10




Gatela, Lester Rey ✉
*Leyte Normal University, Philippines (Lgatela01@gmail.com)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

**Received**: 20 May 2026 **Revised**: 31 May 2026 **Accepted**: 1 June 2026
**Available Online**: 2 June 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26238

OPEN ACCESS

***Abstract***

This study examined how Grade 10 students interpret literary elements such as character, setting, and theme in short stories and identified the dominant type of transactional reading reflected in their responses. Using a descriptive qualitative research design, the study involved selected Grade 10 students from Sta. Fe National High School through purposive sampling. Data were gathered through interviews, think-aloud protocols, and reflective writings, and were analyzed using thematic analysis. Findings revealed that students commonly relied on their personal experiences, emotions, and prior knowledge when interpreting literary texts, indicating the predominance of aesthetic reading over efferent reading. Students demonstrated the ability to relate literary elements to real-life situations; however, some showed limited critical engagement with deeper thematic meanings and broader social contexts. The study highlights the importance of strengthening critical reading instruction and employing learner-centered strategies that promote deeper literary interpretation and critical thinking. The findings may serve as a basis for improving reading instruction and enhancing students' literary and critical comprehension skills.

***Keywords:*** transactional reading, literary comprehension, critical comprehension, aesthetic reading, efferent reading

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Transaksyunal na pagbasa: Kwalitatibong pagsusuri sa literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 10


## 1. Abstrak

Ang pag-aaral ito ay naglalayong suriin kung paano binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ang mga elementong pampanitikan tulad ng tauhan, tagpuan, at tema sa mga maikling kuwento, at matukoy kung anong uri ng transaksyonal na pagbasa—efferent o aesthetic reading—ang higit na nangingibabaw sa kanilang literari at kritikal na pag-unawa. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong kwalitatibong disenyo kung saan ang mga kalahok ay mga piling mag-aaral sa Baitang 10 ng Sta. Fe National High School na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Sa pangangalap ng datos, ginamit ang panayam, think-aloud protocol, at replektibong sulatin, habang thematic analysis naman ang ginamit sa pagsusuri ng mga datos. Batay sa resulta, natuklasan na karaniwang iniuugnay ng mga mag-aaral ang kanilang personal na karanasan at damdamin sa pag-unawa sa mga elementong pampanitikan, dahilan upang higit na mangibabaw ang aesthetic reading sa kanilang interpretasyon ng mga akda. Gayunpaman, lumitaw rin na may limitasyon pa rin sa lalim ng kanilang kritikal na pagsusuri, lalo na sa pag-unawa sa tema at kontekstong panlipunan ng mga kuwento. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na mahalagang palakasin ang pagtuturo ng kritikal na pagbasa at gumamit ng mga estratehiyang makatutulong sa pagpapalalim ng literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan.


***Mga susing salita***: transaksyonal na pagbasa, literari na pag-unawa, kritikal na pag-unawa, aesthetic reading, efferent reading

## 2. Introduksiyon

Ang pagbasa ng panitikan ay isa sa pinakamahalagang kasanayang dapat malinang sa mga mag-aaral sapagkat ito ay hindi lamang nakatuon sa pagkilala ng mga salita at pangyayari sa akda kundi pati na rin sa mas malalim na pag-unawa, pagsusuri, at pagpapahalaga sa mga ideya at karanasang nakapaloob dito. Sa pamamagitan ng pagbasa ng mga akdang pampanitikan tulad ng maikling kuwento, nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip, pag-aanalisa, at pagbibigay ng sariling interpretasyon sa mga pangyayari at suliraning panlipunan. Ayon sa Department of Education, mahalagang malinang sa mga mag-aaral ang kasanayan sa mapanuring pagbasa upang maging aktibo silang tagapag-isip at makabuo ng makahulugang pag-unawa sa iba't ibang teksto. Kaugnay nito, binibigyang-diin sa K to 12 Curriculum Guide sa Filipino para sa Baitang 10 na ang mga mag-aaral ay inaasahang hindi lamang makaunawa sa literal na nilalaman ng akda kundi makapagbibigay rin ng interpretasyon, pagsusuri, at pag-uugnay ng akda sa kanilang personal at panlipunang karanasan.

Sa kasalukuyang kalagayan ng pagtuturo ng panitikan, napapansin na maraming mag-aaral ang nananatili sa mababaw o literal na pag-unawa sa mga akdang kanilang binabasa. Kadalasan, nahihirapan silang suriin ang mas malalim na kahulugan ng mga elementong pampanitikan tulad ng tauhan, tagpuan, at tema. Ang tauhan ay mahalagang elemento sapagkat siya ang nagsisilbing tagapagdala ng kilos, damdamin, at ideya sa kuwento. Ang tagpuan naman ay nagbibigay ng konteksto sa panahon, lugar, at kaligirang panlipunan ng akda, samantalang ang tema ang nagsisilbing pangunahing mensahe o ideyang nais ipabatid ng manunulat. Dahil dito, mahalagang masuri kung paano binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga elementong ito upang maunawaan ang antas ng kanilang literari at kritikal na pag-unawa sa pagbasa.

Sa Pilipinas, may mga pag-aaral nang isinagawa hinggil sa pag-unawa sa pagbasa, pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Gayunpaman, karamihan sa mga ito ay gumagamit ng kwantitatibong disenyo at nakatuon sa pagsukat ng antas ng komprehensyon sa pagbasa. Limitado pa rin ang mga kwalitatibong pag-aaral na sumusuri kung paano aktuwal na binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga elementong pampanitikan tulad ng tauhan, tagpuan, at tema gamit ang perspektiba ng Transaksyonal na Teorya sa

Pagbasa ni Rosenblatt. Dahil dito, layunin ng kasalukuyang pag-aaral na punan ang puwang na ito sa literatura sa pamamagitan ng mas malalim na pagsusuri sa proseso ng pagbibigay-kahulugan ng mga mag-aaral sa mga maikling kuwento.

Ang pagiging natatangi ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa paggamit ng deskriptibong kwalitatibong disenyo upang masuri ang literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Hindi lamang nito sinusukat ang antas ng kanilang pag-unawa kundi sinusuri rin kung paano nila binubuo ang kahulugan ng mga akda batay sa kanilang karanasan, pananaw, at damdamin. Sa pamamagitan nito, inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng mas malalim na pag-unawa sa proseso ng transaksyonal na pagbasa sa konteksto ng edukasyong Pilipino. Ayon sa Transaksyonal na Teorya ni Louise Rosenblatt (1995), ang pagbasa ay isang transaksyon o interaksyon sa pagitan ng mambabasa at teksto. Ipinapakita ng teoryang ito na ang kahulugan ng akda ay hindi lamang nagmumula sa teksto kundi nabubuo rin batay sa karanasan, damdamin, kaalaman, at pananaw ng mambabasa. Ipinaliwanag ni Rosenblatt ang dalawang uri ng pagbasa: ang efferent reading na nakatuon sa pagkuha ng impormasyon at literal na kahulugan ng teksto, at ang aesthetic reading na nakatuon sa emosyonal na karanasan at personal na pagdama ng mambabasa habang nagbabasa. Sa ganitong pananaw, nagiging aktibong kalahok ang mambabasa sa pagbuo ng kahulugan ng akda.

Samantala, binibigyang-diin naman ng Sosyokultural na Pananaw ni Lev Vygotsky (1978) na ang pagkatuto at pag-unawa ay nahuhubog sa pamamagitan ng interaksyon ng isang indibidwal sa kaniyang kapwa at sa kontekstong panlipunan. Ipinapakita ng teoryang ito na malaki ang impluwensiya ng kultura, wika, at karanasan sa paghubog ng interpretasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang kanilang binabasa. Dahil dito, nagiging mahalagang salik ang personal at panlipunang karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagbibigay-kahulugan sa mga akdang pampanitikan. Kaugnay nito, mahalagang maisagawa ang pag-aaral na ito upang masuri kung paano binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ang mga elementong pampanitikan sa mga maikling kuwento at matukoy kung anong uri ng transaksyonal na pagbasa ang higit na nangingibabaw sa kanilang literari at kritikal na pag-unawa. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang makapagbibigay ito ng mahalagang ambag sa larangan ng pagtuturo ng panitikan, lalo na sa pagbuo ng mga estratehiyang makatutulong sa pagpapalalim ng kritikal at mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masagot at mailarawan ang mga sumusunod na katanungan kaugnay sa literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral ng Baitang 10 sa pagbasa ng mga maikling kwento:

- Paano binibigyang kahulugan ng mga mag-aaral ang mga elementong pampanitikan sa mga maikling kwento gaya ng: tauhan, tagpuan, at tema.
- Anong transaksyunal na pagbasa ang higit na nangingibabaw sa pagbibigay-kahulugan ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa mga literari at kritikal na pag-unawa sa pagbasa?

***Saligang Teoritikal -*** Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Transaksyonal na Teorya sa Pagbasa ni Louise Rosenblatt at sa Sosyokultural na Pananaw ni Lev Vygotsky. Ayon kay Rosenblatt (1995), ang pagbasa ay isang transaksyon sa pagitan ng mambabasa at teksto kung saan nabubuo ang kahulugan batay sa karanasan, damdamin, at interpretasyon ng mambabasa. Ipinaliwanag niya ang dalawang uri ng pagbasa: ang efferent reading, na nakatuon sa pagkuha ng impormasyon, at ang aesthetic reading, na nakatuon sa emosyon at personal na pagdanas sa teksto. Samantala, binibigyang-diin ni Vygotsky (1978) na ang pagkatuto at pag-unawa ay nahuhubog sa pamamagitan ng interaksyon sa kapwa, wika, at kapaligirang panlipunan. Kaugnay nito, ginamit ang mga teoryang ito upang suriin kung paano binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ang mga elementong pampanitikan tulad ng tauhan, tagpuan, at tema, at upang matukoy kung anong uri ng transaksyonal na pagbasa ang higit na nangingibabaw sa kanilang literari at kritikal na pag-unawa.

## 3. Metodolohiya

Ang bahaging ito ay naglalahad ng disenyo ng pananaliksik, mga kalahok, instrumento, paraan ng pangangalap ng datos, at paraan ng pagsusuri ng datos na ginamit sa pag-aaral. Layunin nitong ipakita kung paano sistematikong isasagawa ang pananaliksik upang masagot ang mga layunin hinggil sa literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pamamagitan ng transaksyonal na pagbasa.

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ginamit sa pag-aaral na ito ang **deskriptibong kwalitatibong disenyo** upang mailarawan at maunawaan ang proseso ng literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga maikling kuwento. Ang disenyong ito ay angkop sapagkat nakatuon ito sa masusing pagsusuri ng karanasan, interpretasyon, at pagbubuo ng kahulugan ng mga kalahok. Nakabatay ang pag-aaral sa transaksyonal na teorya ni Louise Rosenblatt at sosyokultural na pananaw ni Lev Vygotsky na kapwa nagbibigay-diin sa interaksyon ng mambabasa, teksto, at konteksto sa pagbuo ng kahulugan.

***Mga Kalahok ng Pag-aaral -*** Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng mga piling mag-aaral sa Baitang 10 ng Sta. Fe National High School. Ginamit ang purposive sampling upang mapili ang mga kalahok na may kakayahan at karanasan sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan.

***Instrumento ng Pananaliksik -*** Sa pag-aaral na ito, gumamit ng iba't ibang instrumento upang masusing makalap ang kinakailangang datos hinggil sa literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pagbasa ng mga maikling kuwento. Ang paggamit ng iba't ibang instrumento ay mahalaga upang higit na mapalalim at mapagtibay ang pagsusuri sa mga interpretasyon, karanasan, at paraan ng pagbibigay-kahulugan ng mga kalahok sa mga elementong pampanitikan. Kabilang sa mga instrumentong ginamit ay ang gabay sa panayam (interview guide), think-aloud protocol, at replektibong sulatin.

Ang unang instrumentong ginamit ay ang gabay sa panayam o interview guide. Ito ay binubuo ng mga bukas na tanong na nakatuon sa pagkuha ng pananaw, interpretasyon, at personal na karanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga maikling kuwento. Sa pamamagitan ng panayam, nabigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na malayang naipahayag ang kanilang saloobin at pag-unawa hinggil sa tauhan, tagpuan, at tema ng mga akdang kanilang binasa. Layunin ng instrumentong ito na suriin kung paano nila binibigyang-kahulugan ang mga elementong pampanitikan at kung paano nila iniuugnay ang mga ito sa kanilang sariling karanasan at pananaw sa buhay. Nakakatulong din ang panayam upang matukoy kung anong uri ng transaksyonal na pagbasa ang higit na ginagamit ng mga kalahok sa kanilang interpretasyon ng akda.

Ang ikalawang instrumentong gagamitin ay ang think-aloud protocol. Ito ay isang pamamaraang nagpapahintulot sa mga kalahok na sabihin nang malakas ang kanilang iniisip habang nagbabasa ng maikling kuwento. Sa pamamagitan nito, nasubaybayan ng mananaliksik ang aktuwal na proseso ng pag-unawa, pagsuri, at pagbigay-kahulugan ng mga mag-aaral habang nakikipag-ugnayan sila sa teksto. Mahalaga ang instrumentong ito sapagkat naipakita nito kung paano ginamit ng mga mag-aaral ang kanilang dating kaalaman, damdamin, at personal na karanasan sa pagbasa. Bukod dito, nakatulong din ito upang matukoy kung ang kanilang pagbasa ay nakatuon sa pagkuha ng impormasyon o sa emosyonal at personal na pagdanas sa akda.

Ang ikatlong instrumentong ginamit ay ang replektibong sulatin o reflective writing. Sa bahaging ito, hiniling sa mga kalahok na magsulat ng kanilang sariling repleksyon, interpretasyon, at karanasan matapos basahin ang piling maikling kuwento. Layunin ng instrumentong ito na mabigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na mas malayang maipahayag ang kanilang saloobin at mas mapalalim ang kanilang pagsusuri sa akda. Sa pamamagitan ng kanilang mga sulatin, nasuri ng mananaliksik kung paano nila inunawa ang mga elementong pampanitikan at kung paano nila naiuugnay ang mga mensahe ng kuwento sa kanilang personal at panlipunang karanasan.

Upang matiyak ang pagiging angkop at kredibilidad ng mga instrumentong ginamit, ang mga ito ay dumaan sa balidasyon ng mga eksperto sa larangan ng pananaliksik at pagtuturo ng Filipino. Isinaalang-alang sa balidasyon ang kalinawan ng mga tanong, kaugnayan nito sa layunin ng pag-aaral, at pagiging angkop sa antas ng mga kalahok.

Sa pamamagitan nito, masisiguro na ang mga instrumentong ginamit ay nakatulong sa pangangalap ng mapagkakatiwalaan at makabuluhang datos para sa pag-aaral.

***Paraan ng Pangangalap ng Datos -*** Sa pag-aaral na ito, sistematikong isinagawa ang pangangalap ng datos upang matiyak ang pagiging maayos, mapagkakatiwalaan, at angkop ng mga impormasyong nakalap kaugnay sa literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pagbasa ng mga maikling kuwento. Bago simulan ang aktuwal na pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa punong-guro ng paaralan at sa mga gurong may hawak sa asignaturang Filipino upang maisagawa ang pag-aaral. Nagbigay rin ng pahintulot at impormasyon sa mga kalahok hinggil sa layunin ng pananaliksik, proseso ng paglahok, at kahalagahan ng kanilang partisipasyon. Tiniyak din ng mananaliksik na mapanatili ang pagiging kompidensyal at pribado ng mga sagot ng mga kalahok.

Matapos makuha ang pahintulot, pinili ang mga kalahok gamit ang purposive sampling. Ang mga napiling kalahok ay binigyan ng piling maikling kuwento na kanilang binasa at sinuri. Ang mga akdang ginamit ay pinili batay sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral at sa kaugnayan nito sa layunin ng pag-aaral. Layunin nitong mabigyan ang mga kalahok ng pagkakataong makapagbigay ng interpretasyon at sariling pag-unawa hinggil sa mga elementong pampanitikan tulad ng tauhan, tagpuan, at tema. Sa unang bahagi ng pangangalap ng datos, isinagawa ang think-aloud protocol habang nagbabasa ang mga kalahok ng maikling kuwento. Hinikayat silang sabihin nang malakas ang kanilang naiisip, nararamdaman, at interpretasyon habang binabasa ang akda. Sa pamamagitan nito, nasubaybayan ng mananaliksik ang aktuwal na proseso ng kanilang pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa teksto. Mahalaga ang paraang ito upang makita kung paano nila ginagamit ang kanilang dating kaalaman, personal na karanasan, at emosyon sa pagbasa ng akda.

Pagkatapos ng think-aloud protocol, nagsagawa naman ng indibidwal na panayam gamit ang gabay sa panayam o interview guide. Ang panayam ay nagbigay ng pagkakataon sa mga kalahok na mas malayang maipahayag ang kanilang pananaw, interpretasyon, at karanasan hinggil sa mga maikling kuwentong kanilang binasa. Sa bahaging ito, tinanong sila tungkol sa kanilang pag-unawa sa tauhan, tagpuan, tema, at kung paano nila binigyang-kahulugan ang mga pangyayari sa akda. Layunin din ng panayam na matukoy kung anong uri ng transaksyonal na pagbasa ang higit nilang ginagamit sa kanilang interpretasyon ng teksto. Bukod sa panayam, nagsulat din ang mga kalahok ng replektibong sulatin o reflective writing matapos ang pagbasa ng maikling kuwento. Sa kanilang sulatin, inilahad nila ang kanilang mga natutuhan, damdamin, karanasan, at sariling interpretasyon sa akda. Ang replektibong sulatin ay nagsilbing karagdagang batayan upang higit na mapalalim ang pagsusuri sa kanilang literari at kritikal na pag-unawa sa pagbasa.

Ang lahat ng datos na nakalap mula sa think-aloud protocol, panayam, at replektibong sulatin ay maingat na naitala, naitranskrayb, at nasuri gamit ang thematic analysis nina Braun at Clarke (2006). Sa pamamagitan ng paraang ito, natukoy ang mga pangunahing tema, kaisipan, at pattern na lumitaw mula sa mga sagot ng mga kalahok. Ang pagsusuring ito ay nakatulong upang mabigyang-linaw kung paano binigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga elementong pampanitikan at kung anong uri ng transaksyonal na pagbasa ang nangingibabaw sa kanilang literari at kritikal na pag-unawa.

***Paraan ng Pagsusuri ng Datos -*** Matapos makalap ang mga datos mula sa think-aloud protocol, panayam, at replektibong sulatin, isinagawa ang masusing pagsusuri gamit ang Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2006). Ang paraang ito ay ginamit upang matukoy at mailarawan ang mga pangunahing tema at padron na lumitaw mula sa mga karanasan, interpretasyon, at pananaw ng mga kalahok hinggil sa pagbasa ng mga maikling kuwento. Bilang unang hakbang, maingat na isinalin sa tekstuwal na anyo o transkripsyon ang lahat ng naitalang panayam at think-aloud protocol. Paulit-ulit na binasa ng mananaliksik ang mga transkripsyon at replektibong sulatin upang maging pamilyar sa nilalaman ng mga datos. Sa ikalawang hakbang, isinagawa ang initial coding kung saan tinukoy at binigyan ng kaukulang code ang mahahalagang salita, parirala, at pahayag na may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Ang prosesong ito ay nakatulong upang matukoy ang mga magkakatulad na ideya at konsepto mula sa mga sagot ng mga kalahok.

Sa ikatlong hakbang, pinagsama-sama ang mga magkakaugnay na code upang makabuo ng mga paunang tema. Ang mga temang ito ay muling sinuri at pinino upang matiyak na malinaw na naipakikita ang mga pangunahing kaisipan at karanasan ng mga kalahok. Matapos ang masusing pagsusuri, nabuo ang mga pangunahing tema na sumasalamin sa paraan ng pagbibigay-kahulugan ng mga mag-aaral sa mga elementong pampanitikan tulad ng tauhan, tagpuan, at tema, gayundin sa uri ng transaksyonal na pagbasa na nangingibabaw sa kanilang literari at kritikal na pag-unawa. Upang matiyak ang kredibilidad at pagiging mapagkakatiwalaan ng mga natuklasan, ginamit ang triangulation sa pamamagitan ng paghahambing ng datos mula sa panayam, think-aloud protocol, at replektibong sulatin. Isinagawa rin ang member checking kung saan muling sinuri ng ilang kalahok ang interpretasyon ng kanilang mga sagot upang matiyak na wasto at tumpak ang pagkakaunawa ng mananaliksik sa kanilang mga pahayag. Sa pamamagitan ng mga prosesong ito, higit na napagtibay ang pagiging mapananaligan ng resulta ng pag-aaral.

***Mga Konsiderasyong Etikal -*** Isinagawa ang pag-aaral alinsunod sa mga pamantayang etikal sa pananaliksik. Bago ang pangangalap ng datos, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa punong-guro ng paaralan at sa mga gurong may hawak ng mga kalahok. Binigyan din ng kaukulang impormasyon ang mga kalahok tungkol sa layunin ng pag-aaral, saklaw ng kanilang partisipasyon, at paggamit ng mga datos na kanilang ibabahagi. Ang paglahok sa pag-aaral ay boluntaryo at maaaring umatras ang mga kalahok anumang oras nang walang anumang kaparusahan. Upang mapanatili ang pagiging kompidensiyal ng kanilang pagkakakilanlan, gumamit ang mananaliksik ng mga code o pseudonym sa halip na tunay na pangalan sa pag-uulat ng mga resulta.

***Kredibilidad at Pagiging Maasahan ng Datos -*** Upang matiyak ang kredibilidad at pagiging mapagkakatiwalaan ng datos, ginamit ang triangulation sa pamamagitan ng panayam, think-aloud protocol, at replektibong sulatin. Ang paggamit ng iba't ibang pinagkukunan ng datos ay nakatulong upang mapagtibay ang mga natuklasan ng pag-aaral. Isinagawa rin ang *member checking* kung saan muling sinuri at pinagtibay ng mga kalahok ang ilang interpretasyon ng kanilang mga pahayag upang matiyak na tama ang pagkakaunawa ng mananaliksik sa kanilang mga sagot.

## 4. Resulta at Pagtalakay

Ang bahaging ito ay presentasyon at interpretasyon ng mga datos na nakalap hinggil sa literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pagbasa ng mga maikling kuwento batay sa isinagawang panayam, think-aloud protocol, at replektibong sulatin. Ginamit ang thematic analysis upang matukoy ang mga pangunahing tema na lumitaw mula sa mga sagot ng mga kalahok.

### *4.1 Pagbibigay-kahulugan ng mga Mag-aaral sa mga Elementong Pampanitikan*

**Pag-unawa sa Tauhan Batay sa Personal na Karanasan.** Batay sa resulta ng isinagawang pakikipanayam sa mga kalahok, natuklasan na karaniwang inuunawa ng mga mag-aaral ang tauhan sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa kanilang personal na karanasan at emosyon. Mas nagiging makahulugan para sa kanila ang kuwento kapag nakakakita sila ng pagkakatulad sa kanilang sariling buhay at sa karanasan ng tauhan sa akda.

Ayon kay Kalahok 1:

> *"Mas naiintindihan ko yung tauhan kapag parang naranasan ko rin yung pinagdadaanan niya."*

Binanggit din ni Kalahok 3:

> *"Kapag may problema yung tauhan, iniisip ko kung ano rin yung mararamdaman ko kung ako yung nasa sitwasyon niya."*

Samantala, sinabi ni Kalahok 5:

> *"Mas tumatatak sa akin yung kuwento kapag nakakarelate ako sa character."*

Ipinapakita ng mga sagot na ito na ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang damdamin at personal na karanasan upang mabigyang-kahulugan ang tauhan sa kuwento. Ayon sa Transaksyonal na Teorya ni Louise Rosenblatt, ang kahulugan ng teksto ay nabubuo sa interaksyon ng mambabasa at akda. Sa ganitong paraan, nagiging aktibong kalahok ang mambabasa sa pag-unawa sa tauhan at sa kabuuang mensahe ng kuwento.

**Pag-unawa sa Tagpuan Bilang Gabay sa Konteksto ng Kuwento.** Lumabas din sa resulta ng pananaliksik na ginagamit ng mga mag-aaral ang tagpuan upang mas maunawaan ang sitwasyon at karanasan ng mga tauhan. Kadalasang iniuugnay ng mga kalahok ang lugar at panahon ng kuwento sa kilos at pamumuhay ng mga tauhan.

Ayon kay Kalahok 2:

*"Mahalaga yung tagpuan kasi doon nangyayari lahat ng problema ng tauhan."*

Binanggit naman ni Kalahok 6:

*"Kapag mahirap yung lugar na pinanggalingan ng tauhan, mas naiintindihan ko kung bakit ganoon yung buhay niya."*

Dagdag pa ni Kalahok 7:

*"Mas madali kong naiimagine yung kuwento kapag malinaw yung tagpuan."*

Ipinakikita ng mga sagot na ito na mahalaga ang tagpuan sa pagbibigay-konteksto sa mga pangyayari sa kuwento. Gayunpaman, lumabas din sa pagsusuri na nananatili sa deskriptibong antas ang kanilang interpretasyon sa tagpuan at hindi pa lubusang napapalalim ang pag-unawa sa kontekstong panlipunan ng akda. Ayon kay Lev Vygotsky, ang pagkatuto at pag-unawa ay nahuhubog ng kontekstong panlipunan at karanasan ng isang indibidwal.

**Pagtingin sa Tema Bilang Aral o Mensahe ng Kuwento.** Batay sa resulta ng pananaliksik, natuklasan na karamihan sa mga mag-aaral ay inuunawa ang tema bilang pangunahing aral o mensahe ng kuwento. Nakatuon ang kanilang interpretasyon sa mga pagpapahalaga at moral lesson na maaaring maiugnay sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Binanggit ni Kalahok 4:

*"Ang tema ng kuwento ay huwag mawalan ng pag-asa."*

Ayon naman kay Kalahok 8:

*"Para sa akin, ang aral ng kuwento ay maging mabuti sa kapwa."*

Dagdag pa ni Kalahok 9:

*"Ipinapakita ng kuwento na mahalaga ang pamilya."*

Makikita sa mga sagot ng mga kalahok na pangunahing nakatuon ang kanilang pag-unawa sa moral o aral ng kuwento. Bagama't mahalaga ito sa pag-unawa ng akda, ipinapakita rin ng resulta na limitado pa ang kanilang kritikal na pagsusuri sa mas malalim na kahulugan at implikasyon ng tema sa mas malawak na kontekstong panlipunan.

*4.2 Nangibabaw na Uri ng Transaksyonal na Pagbasa sa Literari at Kritikal na Pag-unawa*

**Dominasyon ng *Aesthetic Reading* sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral.** Ang ikalawang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy kung anong uri ng transaksyonal na pagbasa ang higit na nangingibabaw sa pagbibigay-kahulugan ng mga mag-aaral sa mga maikling kuwento. Batay sa isinagawang pagsusuri, lumabas na mas nangingibabaw ang aesthetic reading sa kanilang literari at kritikal na pag-unawa sa pagbasa.

Ayon kay Kalahok 1:

*"Mas gusto ko yung kuwento kapag nakakarelate ako kasi mas ramdam ko yung nangyayari."*

Binanggit naman ni Kalahok 5:

*"Mas tumatatak yung kuwento kapag emosyonal at parang nangyayari rin sa totoong buhay."*

Dagdag pa ni Kalahok 10:

*"Iniisip ko kung ano yung mararamdaman ko kung ako yung nasa sitwasyon ng tauhan."*

Ipinapakita ng mga sagot na ito na higit na ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang emosyon, damdamin, at personal na karanasan sa pagbibigay-kahulugan sa akda. Ayon kay Louise Rosenblatt, ang aesthetic reading ay nakatuon sa personal na pagdanas at emosyon ng mambabasa habang nagbabasa. Gayunpaman, lumabas din sa pananaliksik na may ilang pagkakataong gumagamit ang mga mag-aaral ng efferent reading lalo na sa pagtukoy ng aral at pangunahing mensahe ng kuwento. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na mas nangingibabaw pa rin ang aesthetic reading sa kanilang literari at kritikal na pag-unawa sa pagbasa.

## 5. Konkusyon at Rekomendasyon

***Konklusyon* -** Batay sa mga nakalap na datos, nabuo ang sumusunod na konklusyon: (1) Ang mga mag-aaral sa Baitang 10 ay karaniwang nagbibigay-kahulugan sa mga elementong pampanitikan tulad ng tauhan, tagpuan, at tema sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa kanilang personal na karanasan, damdamin, at sariling pananaw sa buhay. Sa pag-unawa sa tauhan, ginagamit nila ang kanilang emosyon at karanasan upang mas maunawaan ang kilos at desisyon ng mga tauhan. Sa tagpuan naman, mahalaga para sa kanila ang malinaw na paglalarawan ng lugar at panahon upang mabuo ang konteksto ng kuwento. Samantala, inuunawa nila ang tema bilang pangunahing aral o mensahe ng akda. Gayunpaman, lumabas din na nananatili sa payak na antas ang kanilang kritikal na pagsusuri sa mas malalim na kahulugan at implikasyon ng mga elementong pampanitikan. (2) Natuklasan din sa pag-aaral na mas nangingibabaw ang aesthetic reading sa literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Mas ginagamit nila ang kanilang damdamin, emosyon, at personal na karanasan sa pagbibigay-kahulugan sa mga maikling kuwento kaysa sa masusing pagsusuri sa estruktura at mas malalim na konteksto ng akda. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang transaksyonal na pagbasa ay isang mahalagang lente sa pag-unawa sa proseso ng interpretasyon ng mga mag-aaral sa panitikan. Sa pamamagitan ng kanilang personal na karanasan, emosyon, at dating kaalaman, nagkakaroon sila ng mas makahulugang pakikipag-ugnayan sa teksto. Gayunpaman, lumitaw rin ang pangangailangang higit pang malinang ang kanilang kakayahang magsuri nang kritikal upang mapalawak ang kanilang pag-unawa sa mas malalalim na mensahe at implikasyon ng mga akdang pampanitikan.

***Rekomendasyon* -** Batay sa resulta at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod:

- *Para sa mga Guro* - Batay sa resulta ng pag-aaral, mahalagang gumamit ang mga guro ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral tulad ng reflective reading, collaborative discussion, literary response journals, at guided questioning upang higit na malinang ang literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Makatutulong din ang paggamit ng mga gawaing humihikayat sa mga mag-aaral na iugnay ang kanilang personal na karanasan sa mga tekstong binabasa.

- *Para sa mga Mag-aaral* - Hinihikayat ang mga mag-aaral na maging mas aktibong mambabasa sa pamamagitan ng kritikal na pagsusuri sa mga akdang kanilang binabasa. Ang regular na pagsasagawa ng repleksyon, pagbabahagi ng interpretasyon, at pakikilahok sa mga talakayan tungkol sa panitikan ay maaaring makatulong upang mapaunlad ang kanilang kakayahang magbigay ng mas malalim na kahulugan sa mga akda.

- *Para sa Paaralan* - Maaaring gamitin ng mga paaralan ang resulta ng pag-aaral bilang batayan sa

pagbuo ng mga programang nakatuon sa pagpapalakas ng kultura ng pagbasa at paglinang ng kritikal na pag-iisip. Maaaring magsagawa ng mga reading enrichment activities, literary forums, at iba pang programang magpapalawak sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng panitikan.

- *Para sa mga Susunod na Mananaliksik* - Inirerekomenda na magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral gamit ang mas malaking bilang ng kalahok, iba't ibang antas ng baitang, o iba pang genre ng panitikan upang higit na mapalawak ang pag-unawa sa transaksyonal na pagbasa at literari at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral.

***AI Use Disclosure*** - Ang may-akda ay gumamit ng ChatGPT (OpenAI GPT-5.5, 2026) bilang katuwang sa pagwawasto ng gramatika at paglinang ng ibang ideya. Ang lahat ng output na nabuo sa pamamagitan ng AI ay masusing sinuri, beripikado, at pagsunod sa pamantayang pang-akademiko. Isinagawa rin ang fact-checking ng mga sanggunian at beripikasyon ng mga impormasyong ginamit sa pag-aaral. Walang kumpidensyal, sensitibo, o personal na datos ng mga kalahok ang ipinasok sa anumang AI tool. Ang may-akda ay may ganap na pananagutan sa nilalaman, interpretasyon, pagsusuri, at mga konklusyong nakapaloob sa pananaliksik na ito

## 6. Sanggunian

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology, 3*(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (5th ed.). SAGE Publications.

Department of Education. (2016). *K to 12 curriculum guide: Filipino (Grade 10).* Kagawaran ng Edukasyon. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf

Gee, J. P. (2015). *Social linguistics and literacies: Ideology in discourses* (5th ed.). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315722512

Rosenblatt, L. M. (1995). *Literature as exploration* (5th ed.). Modern Language Association. https://mla.hcommons.org/deposits/item/hc:34445/

Sipe, L. R. (2008). *Storytime: Young children's literary understanding in the classroom.* Teachers College Press. https://www.tcpress.com/storytime-9780807748238

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes.* Harvard University Press. https://www.hup.harvard.edu/books/9780674576293

Wilhelm, J. D. (2016). *"You gotta BE the book": Teaching engaged and reflective reading with adolescents* (3rd ed.). Teachers College Press. https://www.tcpress.com/you-gotta-be-the-book-9780807757308

Yopp, H. K., & Yopp, R. H. (2014). *Literature-based reading activities* (6th ed.). Pearson Education.